

Pangangalaga sa Mga Naulilang Tuta

Ni Sherry Woodard

Isinalin sa Filipino ni Jei Reodica - Volunteer ng Philippine Animal Rescue Team
(PART)/Phoenix Legacy of Compassion

Ang pagpapalaki ng mga naulilang tuta ay maaaring makapagbigay ng malaking kaligayahan. Gayunpaman, ito ay isang malaking responsibilidad na nangangailangan ng ilang oras, pera at pagsusumikap ninyo kung gusto ninyong tulungan ang mga maliliit na tuta ng lumaking malusog. Ang maingat na pagmamasid at mabilisang pagbibigay ng atensyon kung may anumang problemang mabubuo ay ang pinaka mahalaga. Kung hindi ka pa nakapagpalaki ng mga ulilang tuta dati, dapat mo silang dalhin sa beterinaryo upang sila ay masuri ng maayos bago ka makapagsimula. Huwag mabigo kung hindi mo masasalba ang lahat ng mga ulilang tuta; maaari mo lamang itong bigyan ng pinakamahusay mong pagsisikap.

Pangunahing Pangangalaga na pang Medikal

Ano ang mga medikal na alalahanin kapag nagpapalaki ng mga ulilang tuta? Narito ang ilang pangunahing impormasyon tungkol sa kung ano ang normal at kung ano ang hindi:

Temperatura. Ang normal na temperatura sa tumbong ng isang bagong panganak na tuta ay 95 hanggang 99 degrees Fahrenheit para sa unang linggo, at 97 hanggang 100 para sa pangalawang linggo. Sa ika-apat na linggo, ang temperatura ng tuta ay dapat umabot sa normal na temperatura ng isang may sapat na gulang na aso - 100 hanggang 102 degrees.

Timbang. Ang pagtitimbang ng mga tuta araw-araw para malaman ang pagkakyat ng timbang ay makapagbigay sa iyo ng kasigurohan sa iyo na maayos ang kanilang kalagayan. Kung ang isang tuta ay nababawasan ng timbang, dapat kang kumunsulta sa iyong beterinaryo.

Kakulangan sa Tubig (Dehydration). Ang kakulangan ng normal na pangangalaga ng magulang ay maaaring nangangahulugang na ang mga ulilang tuta na nakuha mo ay may kakulangan sa tubig o dehydration. Maaari rin silang makulangan sa tubig o madehydrate kapag sila ay nanlalamig - ang mga bagong panganak ay hindi kayang dumede kung sila ay masyadong nanlalamig, dahil ang kanilang enerhiya ay ginugol sa pagsubok na manatiling mainit-init. Ang isang palatandaan ng kakulangan sa tubig ay

ang pagkawala ng pagkalastiko ng balat. Kung pipisilin batok ng iyong tuta upang mabuhat ito sa pamamagitan ng dalawang daliri, mananatili itong nakataas, na mukhang naipit. Ang isa pang paraan upang malaman ang kakulangan sa tubig ng iyong tuta ay ang pagtingin sa kanyang mga gilagid (mucous membranes). Ang mga gilagid ay dapat na mamasa-masa at makintab; kung hinawakan mo ang mga ito, hindi sila dapat malagkit.

Hypoglycemia. Ang hypoglycemia, isang hindi normal na pagbaba ng blood sugar, na maaari ring mangyari sa mga ulilang tuta. Ang mga palatandaan na kailangang hahanapin ay ang kakulangan ng lakas, kakulangan sa paggalaw, at muscle twitching o inboluntaryong ng paggalaw ng mga kalamnan (kung minsan ay may mga kombulsyon). Kung ang isang tuta ay nagpapakita ng mga palatandaan ng hypoglycemia, maaari kang maglagay ng ilang patak ng corn syrup sa ilalim ng kanyang dila bago tumawag sa iyong beteryaryo para sa karagdagang tulong.

Init ng Katawan. Ang isang tuta ay nagsusunog ng higit pang init ng katawan bawat libra ng timbang ng katawan niya kaysa sa isang sapat na gulang na aso. Upang manatiling mainit-init, ang mga tuta ay dumidepende sa init na nagmumula sa katawan ng kanilang ina. Sa kawalan ng kanilang ina, kinkailangan nila na palaging kontrolin ang temperature sa paligid nila. Kaya, bigyan mo ang iyong mga tuta ng hindi mahangin na lugar ng bilang kanilang pugad. Maaaring gamitin ang mga heat lamp o mainit na bote ng tubig upang mapanatili ang mataas na temperatura.

Sa unang apat o limang araw ng kanilang buhay, ang mga tuta ay dapat ilagay sa isang kapaligiran na nasa pagitan ng 85 at 90 degree. Ang temperatura ay maaaring unti-unting bawasan sa 80 degrees sa ikapitong hanggang ikasampung araw, at maaaring mabawasan sa 72 degree sa pagtatapos ng ika-apat na linggo. Painit-initan at palamigan ang mga tuta nang paunti-unti. Kung mayroon kang maraming tuta, magsisiksikan sila, na nangangahulugang hindi nila masyadong kakailanganin ang tulong ninyo para mainitan sila. Huwag painitin ng sobra ang mga tuta - ang mga bagong panganak ay hindi makakalayo walang tulong.

Tulong sa Kanilang Pag-ihl at Pagdumi. Sa unang dalawang linggo ng buhay, ang mga tuta ay tinutulungan ng kanilang ina sa pamamagitan ng pagdila sa kanilang tiyan, ari at puwetan upang sila ay makaihi at makadumi. Sa kawalan ng kanilang ina, ikaw ang kailangang tumulong sa kanila. Masahihin at paligid ng ari ng iyong mga tuta ng basang tela o bulak upang matulungan ang pagkilos ng kanilang pantog at mapakilos ang kanilang mga bituka. Pagkaraan ng dalawang linggo, ang mga tuta ay dapat nakakaihi at nakakadumi na ng sila lang at walang kailangang tulong galling sa iyo. Maingat na panoorin ang mga ito upang matiyak na mangyari iyon.

Mga Panloob ng Parasito. Kung ang iyong mga tuta ay paunti-unti lamang ang paglaki o may dugo sa kanilang dumi, maaaring madami silang mga panloob na parasito. Kailangang kumuha ng sampol ng dumi para masuri ng beterinaryo.

Paningin. Ang mga mata ng mga tuta ay nagbubukas kapag sila ay 10 hanggang 14 na araw nang nabubuhay. Dahil ang kanilang mga mata ay napaka-sensitibo sa ilaw, dapat silang itago mula sa direktang sikat ng araw hanggang sa humigit-kumulang sa edad na apat na linggo.

Pagsisimula

Pugad/Higaan/Tahanan. Kung ang mga tuta ay pinangangalagaan ng kanilang ina, siya ang mamimili ng lugar na malambot, mainit-init at malayo sa direktang sikat ng araw. Sa kawalan ng kanilang ina, dapat mong ibigay ang ganitong uri ng kapaligiran. Ang isang kahon ay maaaring sapat na para sa unang tahanan para sa pamilya. Ilagay ang kahon sa isang mainit-init, lukob na lugar. (Tingnan ang seksyon sa itaas para sa temperatura.) Kung ang kahon ay malaki, maaaring kailangan mong bumili ng maliit na batya. Habang lumalaki ang mga tuta, panoorin upang makita kung maaari silang umakyat sa kahon o batya. Kapag nagsimula nang gumalaw-galaw ang mga tuta, maaaring maging madali lang para sa kanila ang umakyat dito sa nakakagulat na maikling panahon.

Gamit pang Higaan. Gumamit ng malinis na dyaryo para sa unang linggo o higit pa. Ang mga bagong tuta ay maaaring maipit sa malambot na tela at maaaring mamatay kung hindi sila makakahinga. Kapag kaya na nilang maiangat ang kanilang mga ulo at gumalaw-galaw nang kaunti, maaari ka nang gumamit ng tela o kumot. Pumili ng mga tela o kumot na mura lamang at madaling labhan. Maigi itong gamitin kapag ito ay itinupi o binilog para maging isang kumportableng kama. Kapag nagsisimula nang gumapang ang iyong mga tuta, at pagkatapos ay maglakad, gagamitin nila ang tela para sa traksyon.

Pag-iwas sa Sakit. Ang mga tuta ay madaling kapitan ng sakit, kaya kinakailangan ang pag-iwas sa sakit sa lahat ng oras. Lumikha ng isang palikuran na may bleach para sa paa/tsinelas/sapatos bago pumasok sa lugar kung saan sila ay pinananatili. Ang "paliguan" ay maaaring maging isang tray na may isang lumang tuwalya sa ilalim. Maghanda ng (30 hanggang 1) pinaghalong bleach at tubig upang mabasa-basa, pero hindi basing-basa, ang tuwalya. Ang pamamaraang ito ay didisimpektahin ang iyong mga sapatos nang hindi mabababad ang mga ito o ang mga sahig. Laging hugasan ang iyong mga kamay bago hawakan ang mga tuta. Kung nangangalaga ka ng iba pang mga hayop o bumibisita sa mga shelters o mga parke ng aso (saanman na nakakasalamuha

ka sa iba pang mga aso), ang pagbabago ng iyong damit bago pangasiwaan ang mga tuta ay inirerekomenda.

Pagpapakain. Ang mga bagong panganak ay kakailanganin ng pagkain tuwing tatlong oras, sa buong araw. Anim o walong na pagpapakain, na may pantay na pagitan sa loob ng 24 oras, ay sapat para sa karamihan ng mga tuta; ang mga maliliit o mahina na tuta ay maaaring mangailangan ng mas maraming pagpapakain.

Maaari mong bigyan ang iyong mga ulilang tuta ng kumpleto na nutrisyon sa pamamagitan ng pagbili ng isang komersyal na puppy milk replacer (tulad ng Esbilac), na maaaring mabili sa pamamagitan ng iyong beterinaryo o isang tindahan ng suplay para sa mga alagang hayop. Ang komersyal na pamalit sa gatas ay may mga direksyon sa pagpapakain sa tatak nito. Sa isang biglaang pangangailangan, maaari mong pakainin ang mga tuta ng mga sumusunod na resipe, ngunit panandaliang lamang itong maaaring gamitin, hanggang sa makabili ang milk replacer/pamalit sa gatas:

1 tasa ng gatas (whole)

3 pula ng itlog (walang puti)

1 kutsara ng corn oil

1 kurot ng asin

Haluing mabuti ang mga sangkap at painitin ito sa 95 hanggang 100 degree. Subukan ito sa iyong bisig - ang gatas ay dapat bahagyang mas mainit kaysa sa iyong balat. Kapag ang mga tuta ay dalawa at kalahating linggo, maaari mong simulan ang pagpapakain sa kanila ng milk replacer sa temperatura ng silid.

Mayroong iba't ibang mga pamamaraan ng pagpapakain sa mga tutang naulila. Maaari kang gumamit ng isang ordinaryong eyedropper, ngunit maaari ring bumili ng komersyal na mga bote ng sanggol na hayop. Ang mga tuta ay walang mahusay na gag reflex, kaya dapat kang maging maingat na huwag malunod ang tuta habang pinapakain siya. Ang laki ng butas sa utong ay mahalaga. Kung binaligtad mo ang botelya at malayang tumutulo ang gatas, masyadong malaki ang butas. Ang bote ay dapat na kumailangan ng mababaw na pagpisil para tumulo ang gatas. Kung kailangan mong palakihin ang butas, maaari mong painitan ang isang karayom gamit ang lighter at ilapat ito sa butas.

Ang pagpapakain gamit ng tubo ay ang pinakamadali, pinakamalinis at pinaka mahusay na paraan ng pagpapakain ng mga bagong panganak. Upang mag-tube-feed, kakailanganin mong bumili ng mga suplay mula sa iyong beterinaryo at maturuan ng mga pamamaraan na ginamit upang maiwasan na mapunta sab aga ng tuta ang gatas. Sa pangkalahatan, ang pagpapakain gamit ang kamay/hand-feeding ay maaaring tapusin sa ikatlong linggo.

Ang Pagpuputol ng Kuko. Ang mga tuta ay nangangailangan ng madalas na paggupit ng kanilang mga kuko, kaya kung hindi ka pa nakakapaggupit ng kuko ng aso dati, magpaturo kung papaano ito magagawa ng ligtas sa taong marunong gumawa nito. Ang mga panggupit ng kuko ng mga tao ay gumana nang maayos sa mga maliliit na tuta.

Mga Bisita. Dapat mong limitahan ang bilang ng mga bisita at ang bilang ng mga taong humahawak sa mga tuta hanggang sa ang mga tuta ay ilang linggo nang nabubuhay. Gumamit ng pag-iingat - ang malumanay na paghawak at kontrol sa sakit ay patuloy na dapat pagtuunan sa loob ng maraming linggo.

Ang Paglaki ng mga Tuta

Pagbisita sa Beterinaryo. Sa ikatlong linggo ng mga tuta, ang pagbisita sa iyong beterinaryo para sa unang checkup ay isang magandang ideya. Ang mga mata ng mga tuta ay sensitibo pa rin sa yugtong ito, kaya huwag ilantad ang mga ito sa direktang sikat ng araw sa unang paglabas na ito. Tanungin ang iyong beterinaryo tungkol sa diyeta, deworming/pagpupurga at pagbabakuna. Dapat mo ring kausapin ang iyong beterinaryo tungkol sa spay/neuter o kapon, dahil ang pamamaraang ito ay dapat gawin bago maipaampon ang iyong mga tuta. (Ang spay/neuter o kapon ay maaaring gawin kapag sila ay walong lingong gulang o mahigit pa; ang timbang ng mga tuta ay dapat hindi bababa sa dalawang libra.) Maaaring gusto ng beterinaryo na suriin ang bawat tuta at simulan ang mga indibidwal na talaan para sa kanilang hinaharap na mga pamilya tao. Oo, lumalaki na sila!

Dahan-dahang Paglilipat ng Mga Tuta sa Mala-lugaw na Pagkain Galing sa Gatas. Sa ikatlong linggo, simulan ang pag-alok sa mga tuta ng tubig sa platito o mangkok, yung hindi gaano kalaki o kalalim, dahil maaari nilang subukang umakyat sa halip na uminom mula rito. Pagkatapos, ipakilala ang mga tuta sa gruel/mala-lugaw na pagkain. Gumawa ng isang gruel sa pamamagitan ng pagtimpla ng magandang klaseng dry puppy food at commercial milk replacer. Ilagay ang gruel, mainit-init at hindi masyadong malapot, sa isang mababaw na mangkok. Kapag natuklasan na ng mga tuta kung paano dilaan at kainin ang gruel, maaari mo nang unti-unting palaputin ang halo. Kapag sila ay nasa edad na limang lingo na, karamihan sa mga tuta ay may kakayahan nang kumain ng isang diyeta ng dry puppy food. Huwag kalimutan na lagi silang bigyan ng suplay ng sariwang tubig.

Pakikisalamuha. Sa iyong tungkulin ng pagiging magulang ng isang aso, magkakaroon ka ng hamon na ligtas silang ipakisalamuha sa iba pang mga aso at sa buong mundo. Marami silang dapat matutunan - mga bagay na karaniwang itinuturo sa kanila ni ina. Anyayahan ang ganap na nabakunahan na aso na bumisita at ipakilala na rin ang mga tuta sa mga pusa na. Maging maingat na protektahan ang mga tuta mula sa anumang pinsala, gayunpaman - hindi lahat ng iba pang mga hayop tulad ay gusto ang mga tuta.

Kapag bumibisita ang mga bata, kinakailangan ang pangangasiwa. Ang mga tuta ay maaaring makagalos o makakagat; kung minsan ang mga bata ay masyadong nagiging maharot sa kanilang paghawak sa mga tuta. Ang parehong mga bata at mga tuta ay maaaring makinabang mula sa pag-aaral ng wastong pag-uugali na kinakailangan sa ugnayan ng tao/hayop. Ang mga tuta ay dapat ding makisalamuha sa mga kalalakihan, kababaihan, kapote, sumbrero, salamin para sa mata - anumang bagay naiisip mong karaniwan sa mundo. Upang maiwasan na sila ay maging matatakutin sa mga ingay, pwede kang magpatugtog ng mga tunog ng kulog, gamitin ang vacuum cleaner, at buksan ang TV bilang ingay sa background. Kung sila ay kumportable na makarinig ng iba't-ibang tunog bilang mga tuta, mas kakaunti ang maaari nilang katakutan sa hinaharap.

Paghahanap ng Mga Tahanan Para sa Mga Tuta. Mangyaring subukang ilagay ang mga tuta sa mga bahay kung saan sila ay maituturing na mahalagang miyembro ng pamilya. Bigyang-diin ang mga pangangailangan ng aso na makisalamuha at inirerekumenda sa bagong pamilya ng tuta na mamuhunan sila sa ilang pagsasanay o training habang tumatanda ang tuta.

Si Sherry Woodard ay ang dog training and care consultant sa Best Friends. Bumubuo siya ng mga mapagkukunan ng kaalaman at nagbibigay ng mga serbisyo sa pagkonsulta sa buong bansa ng Amerika upang makatulong na makamit ang misyon ng Best Friends na “No More Homeless Pets”.

Tingnan din: Puppy Development/Ang Paglaki ng Mga Tuta
Routine Veterinary Care for Your Dog/Karaniwang Pangangalagang
Pang-beterinaryo para sa Iyong Aso

